# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II
# Yunit II
# Modyul Blg. 1

## Kapamilya…Katuwang…Kaisa

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Babae, tinatanggap mo ba si Lalaki?...Lalaki, tinatanggap mo ba si Babae? Ngayong kayo ay mag-asawa na…humayo kayo at magpakarami

Ang mga katagang ito ay madalas nating naririnig sa simbahan tuwing may ikakasal. Ito ang hudyat na ang babae at lalaki ay magsasama bilang mag-asawa at bubuo ng pamilya. Ngunit ano ang tunay na kahulugan ng katagang ito? Lahat ay kabilang sa isang pamilya. Nilikha ito ng Diyos para sa kapakinabangan ng tao. Alam mo ba ang kalikasan at layunin ng pamilya?

Upang higit mong maunawaan kung ano at para saan ang pamilya narito ang modyul na makatutulong sa iyo sa pag-unawa sa mga katanungang ito.

L.C 1.1 Naipaliliwanag ang kalikasan at layunin ng pamilya

A. Naipaliliwanag ang kalikasan at layunin ng pamilya
B. Natutukoy ang mga banta *(threats)* sa katatagan ng pamilya
C. Nakababalangkas ng mga hakbangin na makatutulong sa pagpapatatag ng pamilya

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga II kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong.

6. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
7. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
8. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang mga gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

A. Basahing mabuti ang sitwasyon. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang pamilya ay isang komunidad kung saan ang isang nilkha ay natututo ng mga pagpapahalaga na gagabay sa kanyang buhay. Ito ay nangangahulugan na:
    a. walang pagpapahalagang natutuhan ang mga taong palaboy sa lansangan
    b. mas mabuti ang mga taong may nilakihang magulang kaysa wala
    c. hindi dapat makitaan ng masamang halimbawa ang mga magulang
    d. may mga pamilyang kailangan ng tulong ng institusyon upang mapabuti ang mga anak

2. Ang pamilya ay maliit na yunit ng lipunan. Anong pangungusap sa ibaba ang sumusuporta dito?
    a. Sa pamilya unang nahuhubog ang kagandahang asal.
    b. Sa pamilya natututuhan ang mga permanenteng pagpapahalaga.
    c. Sa pamilya tinuturuan ang mga anak na makibagay, maging mapagbigay, at maging mabuting kasapi ng pamayanan.
    d. Sa pamilya unang nararanasan ang mahalin at magmahal.

3. Ang pamilya ay kabahagi ng Diyos sa paglalang. Ano ang ibig sabihin nito?
    a. Kung hindi maaaring magkaanak ang mag-asawa, mabuti pang magkahiwalay.
    b. Ang anak ang bigkis na nag-uugnay sa mag-asawa.
    c. Dapat mahalin, arugain at palakihin nang maayos ng mga magulang ang anak tulad ng pagmamahal ng Diyos sa Kanyang nilikha.
    d. Maaaring mag-asawa ng marami upang makasunod sa utos na " Humayo kayo at magpakarami."

4. Ang pakikipag-*live-in* o pagsasama ng isang babae at lalaki na tila mag-asawa na kahit hindi sila kasal ay mali sapagkat:
    a. walang silang pinirmahang kontrata ng kasal
    b. maaaring takasan ng lalaki ang pananagutan kapag nabuntis ang babae.
    c. ito ay masyadong modernong kaisipan para sa mga Pilipino.
    d. nilalabag nito ang kasagraduhan ng kasal na kinikilala ng estado at simbahan

5. Ang *abortion* o pagpapalaglag ng sanggol sa sinapupunan ay lumalabag sa:
    a. paggalang sa awtoridad
    b. paggalang sa buhay
    c. paggalang sa katotohanan
    d. paggalang sa dignidad

## III. Tuklasin Mo

Gawain Blg. 1

Basahing mabuti at suriin ang sitwasyon.

Sitwasyon Blg. 1

Si Gabriel ay isinilang na walang kinalakihang pamilya. Nabuhay siya sa isang bahay ampunan. Bagaman kinakalinga siya ng mga madre at mga *social workers* ay may nararamdaman pa rin siyang kakulangan.

Tuwing Linggo, hindi niya mapigilan ang sariling mainggit sa mga kapwa niya batang may kasamang mga magulang sa pagsisimba.

Nangangarap siyang isang araw ay makilala niya ang kanyang tunay na magulang.

Sitwasyon Blg. 2

Si Nelson ay kabilang sa mga *streetchildren* na pagala-gala sa mga kalye sa Maynila upang mamalimos.

Lumayas siya sa kanilang tahanan dahil sa madalas siyang mapagalitan ng kanyang nanay. Dahil walang tiyak na titirhan, sumama siya sa mga kapwa batang sa Luneta natutulog kung gabi.

Kapag umaga na ay nanghahalungkat siya ng mga basurang malapit sa mga *restaurants* upang makahanap ng mga tira-tirang pagkain.

Naranasan na niyang madampot at maikulong ng mga pulis na nanghuhuli ng mga batang kalye.

Ilang beses na rin siyang nabugbog ng mga kapwa batang kalye na naghahari-harian sa kanya-kanya nilang teritoryo.

Sa kanyang pag-iisa, naisip niyang mali ang kanyang ginawa. Hindi niya aabutin ang miserableng buhay kung hindi siya umalis sa kanila.

Gustuhin man niyang bumalik ay wala naman siyang sapat na perang pamasahe pabalik.

Sagutin Mo.

1. Sa dalawang sitwasyong inilahad, ano ang mahalagang bagay ang kulang sa mga pangunahing tauhan?
2. Ano ang kahalagahan ng pamilya na ipinakikita ng kaso ni Gabriel at Nelson?
3. Bakit mahalaga ang pamilya?

## Gawain Blg. 2

Ano ang sa palagay mo ang layunin ng Diyos sa paglikha ng pamilya? Ibatay mo ang sagot sa iyong personal na karanasan at obserbasyon. Isulat ang iyong kasagutan sa loob ng tahanang nasa ibaba.

Sa palagay ko, nilikha ng Diyos ang pamilya upang…______________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Mahalaga sa akin ang aking pamilya sapagkat…

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________


______________________________________________

______________________________________

______________________________________

## Gawain Blg .3

Sa natapos na mga gawain, natitiyak kong nakita mo na ang kahalagahan ng pamilya sa buhay ng bawat tao. Ano kaya ang kahihinatnan natin kung ang pamilya ay unti-unting humina at masira dahil sa mga makabagong paniniwala? Pagmasdan at suriing mong mabuti ang larawan.




## Sagutin Mo

1. Bukod sa mga halimbawang ibinigay, anu-ano pa ang mga nagsisilbing banta sa katatagan ng pamilya? Ipaliwanag kung bakit mo nasabing ito ay banta.
2. Bakit mahalagang mapangalagaan ang pamilya laban sa mga bantang ito?

3. Ano ang posibleng mangyari kung:

| Ano ang posibleng mangyari kung: | Kahihinatnan |
| --- | --- |
| Kung papayagan ng Simbahan at pamahalaan ang pagpapakasal ng magkaparehong kasarian. Lalaki sa lalaki o babae sa babae | Mauubos ang lahi ng tao dahil wala ng ipanganganak na sanggol sapagkat hindi maaaring magkaanak ang parehong lalaki, o parehong babae. |
| Gagawing legal ang abortion upang mabawasan ang pagdami ng populasyon. | |
| Hahayaang magsama ang babae at lalaki sa iisang bahay na parang mag-asawa kahit hindi kasal. | |
| Lahat ng mag-asawa ay gagamit ng *conctracepatives* tulad ng *pills, condom,* at iba pang pampapigil ng pagdadalantao. | |

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Anong mahalagang konsepto ang iyong natutuhan sa modyul na ito? Gamitin mong gabay ang mga salita sa ibaba sa pagbuo mo ng kaisipan.

- Nilikha ng Diyos
- Unang natututuhan ang mahalin at magmahal
- Layunin
- Magpatuloy ang lahi ng tao
- Pamilya
- Hubugin sa kagandahang asal
- Unang guro ng mga anak
- Ituro ang daan sa kabutihan na maglalapit sa kanila sa Diyos

Konsepto:______________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

## V. Pagpapatibay

*There's no place like home.* Narinig mo na ito di ba? Kapag binanggit ang katagang tahanan, tiyak na pamilya ang tinutukoy nito. Ang pamilya ang ating tanging yaman. Walang anumang materyal na bagay ang maaaring pumalit sa kahalagahan nito sa buhay ng isang tao. Nilikha ito ng Diyos para sa kabutihan natin. May layunin Siya sa pagbibigay nito sa atin.

Ano ba ang kalikasan ng pamilya? Halika at tuklasin. Alam mo ba na sa kabila ng napakaraming organisasyong mayroon sa buong mundo, wala pa ring maaaring pumalit sa pamilya. Maaaring gawin ng ilang mga samahang panlipunan

ang gawain ng pamilya, ngunit hindi kailanman mapapalitan ito. Bakit? Narito ang mga dahilan:

*Ang pamilya ay isang natural na komunidad*. Nangangahulugang hindi ito ginawa sa pamamagitan ng pagbabatas o lehislasyon. Ang Diyos ang lumikha nito para sa kabutihan ng tao.

Likas sa taong magnais na magtatag ng sariling pamilya sapagkat ang lahat ng tao'y nangangailangan ng pagmamahal at kalinga. Ang pangangailangang ito ay natutugunan ng pamilya. Dito, ang tao ay nakikiisa sa gawain ng Diyos ng paglalang.

*Ang pamilya ay lunduan ng pagmamahal*. Sinabi ni Papa Juan Pablo II na ang pamilya ay may misyong bantayan, ipahayag at ipadama ang pagmamahal. Ang pagmamahalan ng mag-asawa ay maaaring magbunga ng mga supling na tinatawag nating bunga ng pagmamahalan. Kaya nga, hindi dapat na basta na lamang makikipagtalik ang sinuman. Ito ang dahilan kung bakit hindi katanggap-tanggap ang *premarital sex at mga extra-marital affairs.* Ang pakikipagtalik ay laging dapat nasa ilalim ng basbas ng kasal sapagkat ito'y isa ng tungkulin ng mag-asawa na Diyos ang nag disenyo. Tanging ang pamilya lamang ang pinahihintulutan ng Diyos na maging instrumento sa pagpaparami ng tao. Bakit sa pamilya lamang? Hindi ba ito kayang gawin ng ibang institusyon? Hindi! Tingnan mo kung bakit.

*Ang pamilya ang unang paaralan ng buhay*. Dahil ang bawat batang isinisilang sa isang pamilya ay bunga ng pagmamahalan ng kanyang ama at ina. Lahat ng bagay na makabubuti sa kanya ang hahangarin ng kanyang mga magulang sapagkat mahal siya nito.

Sa pamilya unang nararamdaman ng isang tao kung paano mahalin at paano magmahal. Dito, tinatanggap siya sa kanyang kabuuan…walang kondisyon. Di tulad sa ibang institusyon na pinahahalagahan lamang ang isang tao dahil sa kanyang mahusay na trabaho o dahil sa kanyang naiaambag sa pag-unlad ng samahan. Kaya nga may *retirement age* sa maraming kompanya, di man sabihin ng tuwiran, ipinahihiwatig nito na wala ka ng kakayanang maging produktibo kaya tinatapos nila ang serbisyo mo. Sa pamilya, walang hangganan ang pagtanggap sa iyo…kahit matanda ka na at ulianin, tanggap ka pa rin nila na kapamilya.

Sa pamilya rin unang natututuhan ng isang tao ang mga pagpapahalagang kakailanganin niya upang maging mabuting kasapi ng lipunan. Disiplina, paggalang sa awtoridad, pakikiisa, sipag at tiyaga ay ilan lamang sa napakaraming pagpapahalagang unang nalilinang sa pamilya.

Ang mga makabagong paniniwala tulad ng *live-in. pre-marital sex, abortion, same-sex union, contraceptive mentality* ay dapat kondenahin sapagkat banta ang mga ito sa katatagan ng pamilya.

Mahalagang pangalagaan ang kapakanan ng pamilya sapagkat kapag ito'y nasira, wala ng maaari pang pumalit dito. Malalim ang impluwensya ng pamilyang kinagisnan sa paghubog ng pagkatao ng isang nilalang.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Ngayong batid mo na ang kalikasan at layunin ng pamilya, natitiyak kong nais mong mapangalagaan ito laban sa iba't-ibang bantang nagnanais sumira dito.

Sa iyong edad ngayon, anu-anong mga bagay ang maaari mong gawin upang mapaunlad ang inyong pamilya? Isulat ito sa loob ng bawat kahon.

Matatag na pamilya

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| Pagtulong sa mga magulang | | | | |
| | Mahalin ang ama at ina | | | |

# VII. Gaano Ka Natuto?

A. Sa natapos na mga Gawain, natuklasan mo ang kalikasan at kahalagahan ng pamilya sa buhay ng bawat tao.

Bilang pasasalamat sa iyong mga magulang sa lahat ng kanilang ginawa para sa iyo, gumawa ka ng isang liham pasasalamat sa kanila. Ipabasa mo ito sa kanila at papirmahan. Gawin mo itong makasining.

Petsa:__________

Mahal kong nanay at tatay,

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Nagmamahal,

_______________

1. Ano ang damdaming naghari sa iyo habang ginagawa ang liham?
2. Marami ka bang dapat ipagpasalamat sa Diyos tungkol sa iyong pamilya? Ipaliwanag

B. Lagyan ng tsek (/) ang Oo o Hindi ayon sa talahanayan ng mga kasagutan.

| | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Unang natututuhan ng mga anak ang pagharap sa responsibilidad sa halimbawang ipinakikita ng kanilang mga magulang.<br>2. Ang maagang paghahanapbuhay ng mga anak sa murang edad ay pagtupad sa tungkulin sa pamilya.<br>3. Ang ama ang siyang dapat maghanapbuhay para sa pamilya.<br>4. May pananagutan ang anak na alagaan ang kanyang mga magulang pagtanda nito.<br>5. Ang huwarang pamilya ay nakikitaan ng sama-samang pagsisikap upang umunlad.<br>6. Likas sa tao ang magtatag ng pamilya.<br>7. Katungkulan ng magulang na pag-aralin ang mga anak sa abot ng kanilang makakaya.<br>8. Ang kaganapan ng pagkatao ay nahuhubog sa pamilya.<br>9. Ang uri ng kapaligirang pantahanan ay may malaking impluwensya sa bata.<br>10. Ang tahana ay dapat na pinakaligtas na lugar para sa mga bata. | | |

C. Basahin ang mga pahayag at piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ang magulang ang modelo ng mga anak. Ang ibig sabihin nito ay:
   a. Kung ano ang isitilo ng pananamit ng nanay/tatay ay gagayahin ng anak.
   b. Ang bawat galaw, salita at kilos ng magulang ay nakikita sa mga anak.
   c. Ang anak ay imahen ng magulang
   d. Ang mga magulang ang nagpapakita ng magagandang halimbawa sa anak.

`

2. Ang sabi sa Bibliya, “ Mga magulang, huwag ninyong ibuyo sa pagkakasala ang inyong mga anak.” Ano ang kahulugan nito?
   a. Huwag sasaktan ng magulang ang anak.
   b. Sundin lahat ng magulang ang gusto ng anak upang huwag magalit ang anak.
   c. Dapat igalang ng magulang ang dignidad ng anak.
   d. Maging maingat ang magulang sa pagsasalita sa anak.

3. “Ang anak na hindi paluin, ina ang paluluhain.” Ito ay nangangahulugang:
   a. Kapag ang lahat ng gusto na anak ay ibinigay nang walang kahirap-hirap, magiging suliranin siya ng magulang.
   b. Ipagbawal sa mga anak ang pagsasaya.
   c. Saktan ang anak kapag nagkamali upang magtanda.
   d. Iwasang ibili ang anak ng mga maluluhong bagay.

4. Ano sa mga sumusunod ang makatutulong upang magkaroon ng magandang ugnayan ang mag-asawa?
   a. Pagpapakasakit ng babae sa lahat ng bagay para sa lalaki.
   b. Pagkakaroon ng tiyak na tungkulin at pananagutan ng lalaki at babae.
   c. Pagkakaroon ng kakayahang magpasya ng lalaki.
   d. Paggalang sa pagkatao ng isa’t-isa.

5. Ano ang tamang pagkakasunud-sunod ng pangungusap?
   a. Ang babae ay nilikha buhat sa tadyang ng lalaki.
   b. Nakita nng Diyos na malungkot ang nilikhang lalaki kaya’t iginawa niya ito ng katuwang.
   c. Kaya dapat siyang mahalin, unawain at igalang.
   d. Siya ay sa tadyang kinuha, malapit sa puso.

   a. b,a, d, c
   b. a, b, c, d
   c. c, d, b, a
   d. a, c, d, b

## VIII. Mga Sanggunian

Abangan, Bella*. Lakbay Diwa, Gabay sa Wastong Pamumuhay.*

De Torre, Joseph M. *Roots of Society.* Manila: Sinag-Tala Publisher, 1977

Esteban, Esther J. *Values Education: What, Why and For Whom.* Manila: Sinagtala Publisher, 1990

Pope John Paul II, Familiaris Consortio

Santos, Caesar R., Carlos VG Estrada & Juan Manuel Perez. *Congujal Communion*. Manila: University of Asia and the Pacific, 1997

### Susi sa Pagwawasto

Handa Ka Na Ba?

A.

1. c
2. c
3. c
4  d
5. b

Gaano Ka Natuto?

A.

1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Oo
5. Oo
6. Oo
7. Hindi
8. Oo
9. Oo
10. Oo

B.

1. d
2. c
3. a
4. d
5. a